

ANO ANG SEPARATION RATE AT PAANO ITO SINUSUKAT?



Separation Rate – bahagdan o porsyento ng mga manggagawa na kusang nagbitiw o natanggal sa trabaho kumpara sa kabuuang bilang ng mga manggagawa sa kompanya. Ang *quit rate* at *lay off rate* ay pareho din ang paraan ng pagkwenta, i.e. bahagdan o porsyento ng mga nagbitiw o natanggal kumpara sa kabuuang dami ng mga manggagawa sa *enterprise*.


Separation Rate for 4th Qtr. 2008:

$$\begin{aligned} \text{Separation Rate} &= \text{Separation} / \text{Employment} \times 100 \\ &= 105,763 / 1,251,636 \times 100 \\ &= 8.45\% \end{aligned}$$

Separation – bilang ng mga manggagawa na kusang nagbitiw o natanggal sa trabaho bunsod ng mga sumusunod na kadahilanan:

pinasimulan ng manggagawa (*quit* o *employee-initiated*) at

- pagtanggap sa trabaho na pinasimulan ng *employer* o maypatrabaho (*lay off* o *employer-initiated*) bunsod ng pang-ekonomiyang kadahilanan, katulad ng kawalan ng merkado, pagkalugi at *redundancy*. Kasama rin dito ang mga hindi pang-ekonomiyang kadahilanan tulad ng malubhang kapabayaang (*gross negligence*), AWOL, at iba pa.



The **Easy Stat** is a BLES series of "What is...or How-to..." that focuses on basic concepts or measures used in labor and employment statistics. It aims to reach out to ordinary folks and workers by describing these concepts and measures in an illustrative manner and easy-to-understand language or to the extent possible, in Filipino.

For further information, please contact:

THE DIRECTOR

Bureau of Labor and Employment Statistics
3/F DOLE Bldg., Gen. Luna St.,
Intramuros, Manila
1002 PHILIPPINES

Tel no.: (632) 527-3000 loc 317 (Data Bank)


Fax no.: (632) 527-5506

E-mail: bles_tsd@yahoo.com

Website: <http://www.bles.dole.gov.ph>

LABOR Turnover Rate

JOB CREATION
(Accession)



JOB DISPLACEMENT
(Separation)

**Gaano Kabilis ang
Pagpapalit ng
Manggagawa sa mga
Kompanya?**



Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
Bureau of Labor And Employment Statistics
3rd Floor, DOLE Bldg., Gen. Luna St., Intramuros, Manila





ANO ANG LABOR TURNOVER RATE AT BAKIT ITO MAHALAGA?

Ang *labor turnover rate* ay isang mahalagang impormasyon tungkol sa ekonomiya na nagbibigay hudyat kung gaano kabilis ang galaw ng empleyo sa merkado. Ang mga impormasyong ito ay isa sa mga ginagamit ng mga *policy-makers businessmen at investors* sa kanilang mga ginagawang patakaran at pagdedesisyon.

Maipapaliwanag ang *labor turnover* bilang isang pagbabago-bago ng dami ng manggagawa sa mga *enterprises* dahil sa pagdagdag/ pagtanggap ng mga bagong manggagawa (*accession*) at pagbawas/pagtanggal (*separation*) ng mga ito.

Kapag may biglaang paglakas ng negosyo sa merkado (*economic boom*), ang mga *employers* ay nagdaragdag ng mga bagong manggagawa para tugunan ang *demand* sa merkado. Sa panahon naman na matumal ang negosyo (*slack*), sila ay napipilitang magtanggap ng mga manggagawa para makatipid sa *production cost*.

ANO ANG LABOR TURNOVER RATE AT ANO ANG IPINAPAHIWATIG NITO?

Ang *labor turnover rate* ay bahagdan o porsyento ng dami ng pagdagdag o pagbawas ng mga manggagawa sa mga malalaking establisyimento o kompanya. Ito ay sinusukat sa pamamagitan ng pagbawas ng "*separation rate*" mula sa "*accession rate*" na ang sagot ay iniuugnay naman sa bawat isang daang manggagawa. Halimbawa:


Labor Turnover Rate for 2008 in Metro Manila

$$\begin{aligned} \text{Labor Turnover Rate} &= \text{Accession Rate} - \text{Separation Rate} \\ &= 10.75\% - 8.37\% \\ &= 2.38\% \end{aligned}$$

Ang kahulugan ng *Labor Turnover Rate* na 2.38% ay mayroong humigit-kumulang na 2.4 na manggagawa sa bawat 100 o 24 sa bawat 1,000 manggagawa sa mga kompanya ang nadagdag sa pangkalahatang dami ng manggagawa sa Metro Manila noong 2008.

Ang *positive labor turnover rate* ay isang indikasyon ng paglago ng merkado sapagka't ang mga mangangalakal ay nangangailangan ng karagdagang mga tauhan para sa kanilang mga produksyon at negosyo.

Ang *negative labor turnover rate* naman ay isang hudyat ng matamlay na negosyo sa merkado dahil sa wala ng galaw ang bilang ng mga manggagawa sa kalakalan – mas marami ang kabawasan sa mga manggagawa kaysa sa mga bagong pasok o dagdag na manggagawa.



ANO ANG ACCESSION RATE AT PAANO ITO SINUSUKAT?

RECRUITMENT DIVISION



Accession Rate – bahagdan o porsyento ng mga bagong tanggap na manggagawa kumpara sa kabuuang bilang ng mga manggagawa sa kompanya.

Accession Rate for 4th Qtr. 2008:

$$\begin{aligned} \text{Accession Rate} &= \text{Accession/} \text{Employment} \times 100 \\ &= 114,459 / 1,251,636 \times 100 \\ &= 9.14\% \end{aligned}$$

Accession - permanente at pansamantalang karagdagan sa dami ng mga nagtatrabaho sa mga kompanya bunsod ng mga sumusunod na mga kadahilanan:

- ✦ "*Expansion*" o Pagpapalawak ng Negosyo – pagdagdag sa dami ng manggagawa dahil sa paglago ng produksyon o negosyo ng kompanya.
- ✦ "*Replacement*" o Pagpapalit ng Tao – pagdagdag ng manggagawa mula sa pagpapalit at paghahalili sa mga umalis na manggagawa resulta ng pagbibitiw, pagreretro pagbabago sa teknolohiya at mga bagong pamamaraan sa produksyon at paglilingkod.

Hindi kasama sa "*accession*" ang paglipat o "*transfer*" ng mga manggagawa mula sa isang planta patungo sa isa pang planta ng isang kompanya.